



All About Young Children

Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

36 buwan *hanggang* 48 buwan



PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

Buod ng Pagkakaintindi ng Bilang

Ang mga bata ay tumutuklas at nagsisimulang magsanay ng mga kakayahan na kailangan para sa matematika bago pa man pumasok sa elementarya. Sa mga unang taon ng buhay, ang mga bata ay natututong magbilang, kumilala ng mga hugis at modelo, naghahambing ng mga sukat at mga dami, at kumikilala ng mga pagkakapareho at kaibahan. Nakukuha ng mga bata ang mga kakayahang ito sa pamamagitan ng kanilang pagiging mausisa at naglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng mga simpleng interaksyon sa mga matatanda. Ang araw-araw na interaksyon tulad ng pagbilang ng mga daliri sa kamay at paa ng isang matanda, pagbibigay ng dalawang pirasong saging, at ang pag-aayos ng bughaw at puting medyas sa iba't-ibang tumpok ay nagdadagdag ng kakayahan ng isang bata sa matematika. Ang mga bata ay nagsisimulang makipag-usap tungkol sa mga dami ng mga bagay gamit ang mga salitang “mas marami” at “mas malaki.”

Habang sila ay lumalaki, sila ay natututong bumilang ng ilang mga numero. Lumalaki rin ang kanilang pang-unawa ng dami sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paglagay ng mga plato at mga baso sa mesa. Nalalaman nila kung paano ginagamit ng mga matatanda ang pagbibilang sa araw-araw na buhay at matututunan kung paano gamitin ng mga numero sa pamamagitan ng paggaya sa mga matatanda. Sa kabuuan ng mga unang taon, halos lahat ng mga bata ay natural na interesado sa mga numero. Mga masasayang aktibidad na may kinalaman sa mga numero ay nagpapatibay sa natural na interes ng mga bata at humihimok sa kanila na matuto pa tungkol sa mga konseptong pang-matematika.



Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Panimula

Ano ang natututunan ng mga preschool tungkol sa mga numero?

Ang mga maliliit na bata ay nagsisimulang magsanay sa kakayahan na kinakailangan para sa aritmetika at matematika bago pa sila pumasok sa paaralang elementarya. Karamihan sa mga kasanayang ito ay nalinang sa pamamagitan ng kanilang sariling pinasimulan na paglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng simpleng interaksyon sa mga matatanda.

- *Ang mga bata ay natututo ng bilang sa papamagitan ng araw araw na interaksyon tulad ng paglalagay ng mga plato sa mesa, pagbibilang ng kanilang mga daliri upang sabihin sayo kung ilang taon na sila, pagbibilang ng mansanas na kinakailangan upang magkaroon ang bawat bata ng isa.*
- *Karaniwang natututo ang mga bata kung paano sabihin ang 1-2-3-4-5 (minsan ay inilalagay ang mga bilang sa iba't ibang ayos) bago nila malaman na ang bawat bilang ay kumakatawan sa isang bagay. Halimbawa, maaaring mayroon silang tatlong presa at bibilangin ang mga iyon ng 1-2-3-4-5, dahil hindi nila alam na ang bawat presa ay mayroon lamang na isang bilang. Habang nagsisimula ang bata sa ganitong konsepto, makikita mo na inihahanay niya ang mga hayop at binibigyan ang bawat isa ng dahon upang kainin. Sa huli, natututunan nila na kapag binibilang mo ang isang bagay, bawat bagay ay may isang bilang.*
- *Nagsisimula din na maunawaan ng mga bata ang ideya ng marami at kakaunti at pinapansin kapag ang isang tao ay maraming cookies kaysa sa kanila, ngunit hindi nila lubos nauunawaan ang dami. Kapag mayroon silang isang cookie at ang kanilang kaibigan ay may isang cookie hatiin sa dalawa, iisipin nila na ang kanilang kaibigan ay may mas maraming cookies. Ang kanilang ideya tungkol sa marami at kakaunti ay nakakatulong sa kanila na matuto upang ikumpara ang higit pang dalawang bagay. Habang nakakukuha sila ng mas maraming karanasan, maisasaayos nila ang tatlong patpat mula sa pinakamaikli hanggang sa pinakamahaba o tatlong bola mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki.*
- *Sa edad na apat na taon ang mga bata ay natututong bumilang hanggang 10, ngunit maaaring makalimutan ang ilang mga bilang (hal., 1-2-3-5-7-8-10).*
- *Nakikilala na nila ang mga nakasulat na bilang. Halimbawa, maaari nilang ituro sa karatula ng kalsada at sabihin, "Iyan ay bilang 4—tulad ko 4."*
- *Hahanap din sila ng kakaunting bilang ng mga bagay at aalamin kung ilan ang mga iyon nang hindi binibilang. "Mayroon siyang tatlong awto at iisa lamang ang saakin!"*
- *Sa ika-apat na taon, ang mga bata ay karaniwang nagbibilang ng hanggang 5 bagay, itinuturo ang bawat isa kapag sinasabi niya ang bilang.*
- *Kadalasan ang may apat na taong gulang ay nagsasabi saiyo kung alin ang mas marami sa pamamagitan lang ng pagtingin. Kapag ang kaibigan niya ay may 6 na bloke at mayroon siyang dalawa, ipapaalam niya sayo na ang kanyang kaibigan ay may marami kaysa sa mayroon siya.*
- *Nahuhulaan nila na kung may isang grupo ng manika sa kama at kinuha ang isa, kakaunti na lang ang manika sa kama. Kaugnay nito, kapag inilagay nila ang dalawang grupo ng mga bagay na magkakasama (pinagsasama ang kanilang mga kraker at ang kraker ng kaibigan nila), alam nila na mayroon silang marami.*
- *Sa edad na apat na taon ang mga bata ay nakagagawa ng simpleng pagdadagdag at pagbabawas. Kapag mayroon silang apat na hiwa ng mansanas at kinain nila ang isa, sasabihin nila saiyo na mayroon silang tatlo—nang hindi binibilang. Kapag mayroon silang tren na kasing haba ng 4 na kotse at dinagdagan nila ng isa, sasabihin nila saiyo na mayroon na ngayong limang kotse.*



Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?
PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Mga tip sa mga magulang upang tulungan ang mga anak na maunawaan ang mga bilang:

Maraming mga bagay na karaniwang ginagawa ng mga magulang sa mga anak na nakatutulong upang malinang ang kanilang matematika at pagbilang na kakayahan. Maraming mga pagkakataon sa ating pang araw araw na buhay kung saan ang mga matatanda ay bibilang ng mga bagay at ang mga bata ay nagsasanay magbilang sa kanilang paglalaro. Narito ang ilang mga mungkahi na maaaring gawin ng mga magulang:

- *Basahin ng malakas, upang marinig ng mga bata ang pagkakasunod-sunod ng mga bilang at malaman kung gaano mo kadalas gamitin ang pagbibilang sa isang araw.*

Kapag natututo ang mga bata sa iyo kung gaano kahalaga ang mga numero sa araw-araw na buhay, lumalaki ang interes nila sa mga numero.

- *Bilangin ang mga halik na ibinigay mo sa iyong anak, bilangin ang mga puno sa labas ng iyong bahay, o bilangin kung ilang beses kumahol ang aso.*
- *Ituro ang mga bagay habang binibilang ang mga iyon upang makita ng mga bata kung paano ang bawat isang bilang na iyong sinasabi ay kumakatawan sa isang bagay.*
- *Tanungin ang iyong anak upang ipagpalagay o hulaan kung ilang mga bagay ang mayroon at pagkatapos ay bilangan sila ng magkakasama. Ilang mga bus ang dadaan bago dumating ang ating bus dito?*
- *Maraming magiging pagkakamali ang mga bata kapag nag-aaral sila tungkol sa mga bilang. Kahit hindi sabihin na sila ay "mali," maaari mong mahinahon na imungkahi na bilangin natin muli. O maaari mong sabihin na, "Binilang mo ay 5 pato pero 4 lang ang nakikita ko."*

Ang mga bata ay likas na interesado na gayahin ka para matuto ng mga bagay na tulad ng mga numero. Sa paglipas ng panahon, sasabihin nila ang mga bagay-bagay na tulad ng pagsabi mo at "itatama ang sarili" para mas lalong pang maging katulad mo.

- *Ang pamimili, pagluluto at pagkain ay nagbibigay ng maraming pagkakataon para magbilang:*
 - *"Pwede ba tayong kumuha ng apat na busil ng mais o lima? Pwede mo bang bilangin para saakin ang mga iyon habang inilalagay sa bag?"*
 - *"Kung kumuha tayo ng dalawang saging at kinain mo ang isa sa sasakyan, ilan na lang ang matitira?"*
 - *"Sa tingin ko dapat tayong kumuha ng malaking supot ng tortillas, dahil lahat ng ating mga pinsan ay darating ngayon para maghapunan. Pwede mo bang abutin ang mas malaki para saakin?"*
 - *"Mayroon tayong tatlong bag ng groseri. Sa tingin mo ba kasya silang lahat sa kotse?"*
 - *"Ilang bag ang gusto mong bitbitin at ilan ang dapat kong dalhin?"*
 - *"Maaari mo bang ilagay ang mga saging sa platong ito at ang mga sirwel sa mangkok na ito?"*
 - *"Kailangan natin ng tatlong piraso ng tinapay. Pwede mo ba silang ilabas mula sa bag?"*

Ang mga pag-uusap na ito ay nakakatuwa. Kung sa tingin mo ay pagod ang iyong anak o hindi gusto ng mga ganitong laro, maaari mong hintayin at subukan muli o subukan ang ibang laro.